

# PANG-ABAY

Ano ang Pang-abay, Uri ng Pang-abay, at mga Halimbawa ng Pang-abay



Sa pahinang ito ay ating tatalakayin at iyong matututunan kung ano ang pang-abay, anu-ano ang mga uri nito at magbibigay din kami ng mga halimbawa ng pang-abay upang mas mabilis mong maunawaan ang araling ito.

## Ano ang Pang-abay?

Ang pang-abay o adverb kung tawagin sa wikang Ingles ay mga salitang nagbibigay turing o naglalarawan sa pandiwa, pang-uri, o kapwa pang-abay.

## Mga Halimbawa ng Pang-abay

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng pang-abay sa pangungusap.

- Hindi maikakaila ang kabutihang taglay ni Mary.
- Niyakap ko siya nang mahigpit.
- Pupunta ako bukas sa parke.
- Walong basong tubig ang iniinom ko araw-araw.
- Tila mahina na si Ka Pedring.
- Talagang hanga ako sa galing mong umawit.
- Mula ngayon ay kakain na ako ng gulay.
- Nagpaluto ako ng biko kay Aling Marta.
- Kailan po ang balik ninyo?
- Uuwi ako mamayang gabi.

## Mga Uri ng Pang-abay

May 17 uri ng pang-abay: ang pang-abay na pamanahon, panlunan, pamaraan, pang-agam, ingklitik, benepaktibo, kusatibo, kondisyonal, pamitagan, panulad, pananggi, panggaano, panang-ayon, panturing, pananong, panunuran, at pangkaukulan.

### 1. Pamanahon

Ang pang-abay na pamanahon ay nagsasaad kung kailan naganap o magaganap ang kilos na taglay ng pandiwa sa pangungusap.

May tatlong uri ang pang-abay na pamanahon: ang may pananda, ang walang pananda, at ang nagsasaad ng dalas.

#### A. Pamanahong may Pananda

Ito ay ginagamitan ng mga panandang *nang, sa, noon, kung, kapag, tuwing, buhat, mula, umpisa, o hanggang*.

#### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pamanahon na may Pananda

- Iba ang panahon noon.
- Umpisa bukas ay gigising ako ng maaga.

- Naaalala ko ang aking kamusmusan tuwing umuwi ako sa probinsya.
- Kapag Mayo ay dinadalaw ko ang aking Lola.
- Kung araw ng Linggo lang ako ay pumupunta sa simbahan.

## B. Pamanahong Walang Pananda

---

Ito ay ginagamitan ng mga panandang *kahapon, kanina, ngayon, mamaya, bukas, sandali, atbp.*

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pamanahon na walang Pananda

- Pupunta kami bukas sa palengke.
- Kunin mo mamaya ang telang ipinatago ko sa'yo.
- Sandali na lang at magsisimula na ang palabas.
- Si Alden ay kanina pa naghihintay kay Maine.
- Kahapon ka sana umuwi dito.

## C. Pamanahong Nagsasaad ng Dalas

---

Ito ay ginagamitan ng mga salitang nagsasaad ng dalas. Halimbawa nito ay ang mga salitang *araw-araw, taun-taon, tuwing, oras-oras, linggo-linggo, atbp.*

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pamanahon na Nagsasaad ng Dalas

- Magsipilyo ka araw-araw.
- Pumupunta kami sa Japan taun-taon.
- Oras-oras ay inaabangan mo ang pagbabalik niya.
- Linggo-linggo kami naliligo sa talon.
- Tuwing Byernes ay maaga akong gumigising.

## 2. Panlunan

---

Ang pang-abay na panlunan ay tumutukoy sa pook o lugar na pinangyarihan, pinangyayarihan, o pangyayarihan ng kilos sa pandiwa.

Ilan sa mga panandang ginagamit dito ay ang mga salitang *sa, kina, o kay.*

### Mga Dapat Tandaan:

**Sa** – ginagamit kapag ang kasunod ay isang pangngalang pambalana o isang panghalip.

**Kay o Kina** – ginagamit kapag ang kasunod ay pangngalang pantangi na pangalan ng isang tao.

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Panlunan sa Pangungusap

---

- May nakita akong masarap na ulam sa karinderya.
- Ang aking bahay ay malapit sa simbahan.
- Pupunta ako kina Mang Tomas bukas.
- Pakikuha mo kay Cherry ang aking kaldero.

- Maraming nais maging iskolar sa UP.

### 3. Pamaraan

---

Ang pang-abay na pamaraan ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos na ipinapahayag ng pandiwa.

Ginagamitan ito ng mga panandang *nang, na, o -ng*.

#### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pamaraan sa Pangungusap

---

- Sumigaw ako nang malakas.
- Bakit siya umalis na masaya?
- Kumain kami nang mabilis.
- Niyakap ni Nanay ang aming bunso nang mahigpit.
- Umalis tayo nang maaga.

### 4. Pang-agam

---

Ang pang-abay na pang-agam ay nagbabadya ng di-katiyakan o pag-aalinlangan sa pagganap sa kilos ng pandiwa.

Ginagamitan ito ng mga pariralang *marahil, siguro, tila, baka, wari, o parang*.

#### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pang-agam sa Pangungusap

---

- Marami na marahil ang nakaaalam ng sikreto niya.
- Siguro ay bukas na tayo umalis.
- Ang sabi ni Jose ay baka di tayo matuloy dahil umuulan.
- Ang batang ito ay parang walang magulang.
- Umuulan kaya marahil walang namimili sa palengke.

### 5. Ingklitik o Kataga

---

Ang pang-abay na ingklitik ay mga kataga na karaniwang nakikita pagkatapos ng unang salita sa pangungusap.

Ang mga ito ay ang *man, kasi, sana, nang, kaya, yata, tuloy, lamang/lang, din/rin, ba, pa, muna, pala, na, naman, at daw/raw*.

#### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Ingklitik o Kataga sa Pangungusap

---

- Alam pala ni Brando ang lihim ni Brenda.
- Bakit daw ngayon ka lang?
- Saan pa kayo pupunta?
- Siya naman ang pag-igibin mo ng tubig.
- Paano kaya kung wala na si Inday?

## 6. Benepaktibo

---

Ito ay nagsasaad ng benepisyong para sa isang tao dahil sa pagkaganap sa kilos ng pandiwa o layunin ng pandiwa.

Ginagamitan ito ng panandang *para sa*.

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Benepaktibo sa Pangungusap

---

- Magbenta ka ng balot at penoy para sa matrikula mo.
- Kumain ng gulay para sa ikalalalaks ng katawan.
- Si Tatay ay naghahanapbuhay para sa aming pangkain.
- Ang mga bayani ay nag-alay ng buhay para sa bayan.
- Si Mila ay nanahi ng damit para sa kanyang anak na si Sam.

## 7. Kusatibo o Kawsatibo

---

Ito ay nagsasaad ng dahilan sa pagganap ng kilos ng pandiwa.

Ginagamitan ito ng parirala na pinangungunahan ng *dahil sa*.

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Kusatibo o Kawsatibo sa Pangungusap

---

- Dahil sa iyo ay pinalabas din ako ng ating guro.
- Dahil sa hindi ko pagsama sa field trip ay may proyektong pinagawa sa akin si Ginang Robles.
- Dahil sa kapalpakan ng pinuno ay nagdusa ang mga mamamayan.
- Dahil sa hindi pakikinig ng leksyon kaya ako bumagsak sa pagsusulit.
- Dahil sa kaingayan kaya nagalit si Ginoong Santos sa akin.

## 8. Kondisyonal

---

Nagsasaad ito ng kondisyon para maganap ang kilos na isinasaad ng pandiwa.

Ito ay may pariralang *kung, kapag/pag, o pagka*.

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Kondisyonal sa Pangungusap

---

- Bibilis kang magbasa kung magsasanay ka palagi.
- Bibilihan kita ng laruan kapag marunong ka ng magsulat ng pangalan mo.
- Lalaki kang marunong kung nakikinig ka sa mga sinasabi ko.
- Hindi ka magkakasakit kung marunong kang mag-ingat sa katawan mo.
- Aalis lang tayo kapag naubos mo na ang kinakain mo.

## 9. Pamitagan

---

Ito ay nagsasad ng paggalang. Ginagamitan ito ng mga salitang *po, opo, ho, o oho*.

## Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pamitagan sa Pangungusap

---

- Saan po kayo pupunta?
- Opo, maliligo na po ako.
- Bakit ho kayo bumalik?
- Ang kinakain ko po ay prutas at gulay.
- Mahilig po akong sumayaw.

## 10. Panulad

---

Ginagamit ito sa pagtutulad ng dalawang mga bagay. Ito ay ginagamitan ng salitang *kaysa*.

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Panulad sa Pangungusap

---

- Mahusay umawit si Jona kaysa kay Kyla.
- Mas gusto kong maglaro kaysa magbasa.
- Ang gusto ko ay kumain kaysa matulog.
- Magaling sumayaw si John kaysa kay Camille.
- Ang pagkain ay higit na mahalaga kaysa laruan.

## 11. Pananggi

---

Nagsasaad ito ng pagtanggap o pagtutol. Ito ay ginagamitan ng mga pariralang *hindi*, *di* at *ayaw*.

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pananggi sa Pangungusap

---

- Hindi na ako kakain.
- Ayaw kong sumama sa inyo.
- Di na ako pupunta sa palaruan bukas.
- Hindi kita mahal.
- Ayaw ko na sa'yo.

## 12. Panggaano o Pampanukat

---

Nagsasaad ang pang-abay na panggaano ng timbang, bigat, o sukat. Ito ay sumasagot sa tanong na gaano o magkano.

### Mga Halimbawa ng Pang-abay na Panggaano sa Pangungusap

---

- Nadagdagan ang timbang ko ng tatlong kilo.
- Uminom ka ng dalawang basong tubig kada umaga.
- Bumili ka ng sampung kilong baboy sa palengke.
- Inabot ako ng kalahating araw sa paghihintay sa iyo.
- Bibigan kita ng apat na kilong mangga.

## 13. Panang-ayon

---

Ito ay nagsasaad ng pagsang-ayon. Ginagamit dito ang mga salitang *oo, opo, tunay, sadya, talaga, syempre*.

## Mga Halimbawa ng Pang-abay na Panang-ayon sa Pangungusap

---

- Oo, sasama ako sa inyo bukas.
- Tunay ngang tama ang iyong hinala sa kanya.
- Talaga palang galing sa nakaw ang perang dala niya.
- Oo, ibibili kita ng pasalubong pag-uwi ko.
- Sadya namang walang galang ang batang si Ramon.

## 14. Panturing

---

Ito ay nagpapahayag ng pagkilala o pagtanaw ng utang na loob.

## Mga Halimbawa ng Pang-abay na Panturing sa Pangungusap

---

- Mabuti na lang at dumating ka dahil ikaw lang ang hinahanap ni Jesa.
- Nang dahil sa'yo ay natapos ko ang aking takdang aralin.
- Mabuti na lang at pinahiram mo ako ng pera dahil makakabayad na kami sa ospital.

## 15. Pananong

---

Ito ay ginagamit sa pagtatanong hinggil sa pandiwa, pang-uri o pang-abay.

## Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pananong sa Pangungusap

---

- Berta, ano't masama raw ang loob mo sa akin?
- Gaano karami ang sumalubong kay Presidente?
- Kanino nanggaling ang pulang sapatos si Becky?
- Paano kaya pumunta sa Baguio?
- Saan ang daan patunong Sorsogon?

## 16. Panunuran

---

Ito ay nagpapahayag ng pagkakasunod-sunod sa panahon o pagkakalagay.

## Mga Halimbawa ng Pang-abay na Panunuran sa Pangungusap

---

- Panunod lamang dumating si Ana kay Claire.
- Sunud-sunod ang pila ng mga tao sa NFA rice.
- Kahuli-hulihan si Kelly sa pila.

## 17. Pangkaukulan

---

Ito ay ginagamitan ng mga salitang *tungkol, hinggil, o ukol*.

## Mga Halimbawa ng Pang-abay na Pangkaukulan sa Pangungusap

---

- Ang plano ko tungkol sa bayan ay madali lamang.
- Hinggil saan ang pagpupulong ngayon?
- Ang palabas ay tungkol sa buhay ni Charo.



## You May Also Like

